

MAMAMAYAN, PAMAHALAAN: ATING PAG-ISAHIN TUNGO SA KAUNLARAN

Mamamayan, mahalaga sa isang bayan, katuwang ng pamahalaan tungo sa pagsulong at kaunlaran ng ating bayan. Ang dalawang salik na ito ay dapat na magkaisa upang magtagumpay ang bawat isa. Ngunit hindi naman lingid sa ating kaalaman na ngayon ay may malaking suliranin ang ating bayan ukol sa pagkakaisa ng mamamayan at pamahalaan. Marahil ay natatanong mo sa iyong isipan, "Ano nga ba ang mas kailangan, ang mamamayan o pamahalaan? Sino/ano nga ba ang mas kailangan nitong bansa upang mas mapaunlad pa ang baying ito sa iba't ibang aspeto/larangan?"

Ang mga mamamayan, kailangan ng isang bansa sa pagkakamit ng isang tunay na kaunlaran. Kaunlarang hindi lamang sa salapi kundi pati sa pag-uugali. Mamamayang mabuti ang ugali at hindi ginagamit ang talino sa panloloko ng kapwa tao. Masasabi ring ang lakas at talino ng mamamayan ang kinakailangan upang makagawa ng mga bagay na inaasahan nating makakatulong sa ating pagsulong. Ang mga mamamayan rin ang nagpapatakbo ng pamahalaan kaya kahit na sinasabing ang pamahalaan ay ubod sa ganda ang mga reporma, batay pa rin sa mamamayan kung paano niya patatakbuhan ang pamahalaan.

Sa pamahalaan naman, ito ay kailangan sa pagsasaayos ng mga Gawain ng mamamayan. Binigyan ng karapatang pamunuan ang sambayanan tungo sa ikauunlad ng bayan. Makikita natin ang mainam na pamahalaan na ating kailangan sa mga batas at reporma na hindi lang tungkol sa pagpapaunlad sa sarili kundi pati ng kanilang nasasakupan.

Kung ating pasasamahin at pag-iisahin ang dalawang ito, makikita mo ang kagandahang idudulot nito na siyang magiging susi sa pag-unlad nating mga Pilipino. May mga mamamayang sumusuporta sa pamahalaan at may pamahalaang pumoprotekta sa mamamayan. Ngunit may pagkakataon katulad sa panahon ngayon na hindi iisa ang hangarin nga mga mamamayan at pamahalaan. Nakikita ang malaking epekto nito ngayon dahil bumabagsak an gating ekonomiya. Kaya mas mainam kung tayo ay magkasundo para sa ikauunlad nitong bansa.

Kung may pagkakataon naman ang mga mamamayan at pamahalaan ay may hindi pagkakaintindihan, ating isaisip na kailangan tayong magtulungan. Magpaliwanagan ng bawat opinion at pasama-

samahin ang mga ideya para sa mas mabuting bunga. Dapat nating tandaan na hindi dapat pagtalunan ang mga bagay lalo na mga material kung kaya naman nating mapagkasunduan. Ang mga ito lamang ang makapagpapalala ng mga alitan. Kaya dapat ay magkaisa para sa mas maunlad na buhay para sa isa't isa.